

ANG BANAL NA ESPIRITU

Panimula

Ang layunin ng aklat na ito ay ipaliwanag kung sino ang Banal na Espirito at kung ano ang kanyang tungkulin sa ating buhay. Maliban ditto, ihahayag din sa atin kung paano natin matatanggap ang Banal na Espirito at kung ano ang mga patotoo ng Kanyang presensya.

At sinabi ni Hesus, “Sinabi ko sa inyo: Humingi kayo at iyon ay ibibigay sa inyo. Maghanap kayo at makakasumpong kayo. Kumatok kayo at kayo ay pagbubuksan. Sapagkat ang bawat isang humihingi ay tumatanggap, ang naghahanap ay nakakasumpong, at ang kumakatok ay pagbubuksan. Sinong ama sa inyo ang magbibigay ng bato sa anak na humihingi ng tinapay? Kung humingi ng isda, ang ibibigay ba niya sa kaniya ay ahas sa halip na isda? Kapag siya ay humingi ng itlog, bibigyan ba niya siya ng isang alakdan? Kayo na masasama ay marunong magbigay ng mga mabuting kaloob sa inyong mga anak. Kung ginagawa ninyo ito, gaano pa kaya ang inyong Ama na nasa langit na kaniyang ibibigay ang Banal na Espirito sa kanila na humihingi sa kaniya? (Lukas 11:9-13)

At muling sinabi ni Hesus, “Kung ang sinuman ay umiibig sa akin, tutuparin niya ang aking mga salita. Siya ay iibigin ng aking Ama. Kami ay pupunta sa kaniya at mananahan na kasama niya.” (Juan 14:23)

Kapag ating tinanggap si Hesus bilang Panginoon at Taga-pagligtas, ang Diyos Ama at si Hesus ay papaloob sa atin. Subalit ang Banal na Espirito ay hindi pa pupuspusan ang ating bagong ligtas na espiritu. Gayunpaman, ang Diyos Ama ay handing ibigay ang Banal na Espirito sa sinoman na hingiin ito. (Lukas 11:13)

Sino ang Banal na Espirito? Siya ay Diyos. Siya ay kabilang sa Diyos-ulo, na kinabubuhan ng Diyos Ama, Anak (Hesus) at ang Banal na Espirito.

Ang Tungkulin ng Banal na Espirito sa ating buhay.

- Siya ang magtuturo sa atin at ipauunawa sa atin ang salita ng Diyos. At Kanya din ipapaalala ang mga ibinilin sa atin ng Diyos. (Juan 14:26 at 1 Juan 2:27).
- Siya ang dakilang Tagapayo, ang Espiritu ng Buong Katotohanan (Juan 14:16-17) na isinugo ng Diyos Ama sa sangkatauhan sa araw ng Pentecostes.
- Siya ang nagkakalob ng kapangyarihan at katapangan sa mga tagapahayag ni Kristo Hesus (Mga Gawa 1:8)
- Siya ang susumbat sa sanlibutan tungkol sa kanilang kasalanan at tungkol sa katuwiran ng Diyos, at tungkol sa paghahatol kay Satanas. (Juan 16:8-11)
- Siya ang nagluluwalhati at nagpupuri kay Hesus at naghahayag sa atin ng lahat ng mga tungkol sa Diyos. (Juan 16:13-15, 1 Korinto 2:9-16)
- Siya ay nagbibigay ng mga kaloob para sa paglilingkod sa Iglesia ng Diyos. (1 Korinto 12:1-11)

- Siya ang naglilikha ng pananampalataya sa atin habang nakikinig tayo ng salita ng Diyos. Kapag tayo ay napuspusan ng Banal ng Espiritu, madadagdagan din ang ating buhay-pagpupuri.
- Siya ang nagbibigay ng kapangyarihan sa atin upang makamtan ang buhay na lubos ang kasaganaan na inihanda ni Kristo.

Babawtismuhan Niya kayo sa Banal na Espiritu

Ang Banal na Espiritu ay hindi pa tayo pupuspusan sa sandaling tayo ay tumanggap kay Hesus at hindi din kapag tayo ay na bawtismuhan sa tubig. Huwag kayong mangamba kung sakaling iba ang naituro sa inyo. Ating sisiyasatin sa Biblia upnag ating makita kung kalian ba Niya napupuspus ang ating buhay at kung paano natin Siya matatanggap.

Ayon kay Hesus, "...hintayin ninyo ang pangako ng Ama na inyong narinig mula sa akin. Ito ay sapagkat totoong si Juan ay nagbawtismo sa tubig ngunit kayo ay babawtismuhan sa Banal na Espiritu..." (Mga Gawa 1:4-5)

Ang mga alagad ng Diyos ay nabawtismuhan sa pangalan ni Hesus. Kanilang inihayag na si Hesus ang kanilang Panginoon at nanampalataya sila na Siya ay muling nabuhay. Sila ay naligtas. At sila ay inatasan na maghintay sa pangako ng Diyos Ama (ang Banal na Espiritu) na isugo sa kanila. Sila ay hindi pa napuspusan ng Banal na Espiritu.

At sinabi ni Juan na Tagapagbawtismo tungkol kay Hesus, *"Binabawtismuhan ko kayo sa tubig, ngunit babawtismuhan niya kayo sa Banal na Espiritu..."(Marcos 1:8)*

At sa Pentecostes, dumating ang Banal na Espiritu sa sangkatauhan at lumapag sa mga alagad na naghihintay sa Kanyang pagdating ayon sa utos at pangako ni Kristo. Sa panahon ngayon, hindi na natin kailangang maghintay sapagkat ang Banal na Espiritu ay nandito na sa buong sansinukob at maari nang ipakaloob sa sinoman na nagnanais sa Kanya.

Nang sumapit ang araw ng Pentecostes, silang lahat ay nasa iisang pook na nagkakaisa. Sila ay nakaupo sa loob ng isang bahay. Biglang may umugong mula sa langit tulad ng humahagibis na marahas na hangin at pinuno nito ang buong bahay. May nagpakita sa kanila na nagkakabaha-bahaging mga dila tulad ng apoy at ito ay lumapag sa bawat isa sa kanila. At silang lahat ay napuspos ng Banal na Espiritu at nagsimulang magsalita sa ibang mga wika ayon sa ibinigay ng Espiritu sa kanila na kanilang sasabihin. (Acts 2:1-4)

Ito ang sinasaad ng Salita ng Diyos na nangyari sa mga alagad nang sila ay mapuspusan ng Banal na Espiritu. Sila ay nangusap sa ibang mga wika.

Si Felipe at ang Sinaunang Iglesia

"Felipe ay bumaba sa lungsod ng Samaria. Ipinangaral niya sa kanila ang Mesiyas. Ang maraming tao ay nagkaisang nakinig sa mga bagay na sinalita ni Felipe, nang kanilang marinig at makita ang mga tanda na ginawa niya. Ito ay sapagkat marami sa mga inaalihan ng mga karumal-dumal na espiritu ay iniwan ng mga espiritung ito na sumisigaw nang malakas. Maraming lumpo at pilay ang gumaling. Nagkaroon ng malaking kagalakan sa lungsod na iyon... Ngunit nang sila ay maniwala kay Felipe na nangangaral ng ebanghelyo patungkol sa paghahari ng Diyos at patungkol sa pangalan ni Jesucristo. Sila ay nabawtismuhan, mga lalaki at babae (Acts 8:5-8, 12)

Si Felipe ay dumating at inihayag ang Salita ng Diyos. At tinanggap ng mga tao si Hesus bilang kanilang Panginoon at Tagapagligtas at sila ay nanampalataya na Siya ay namatay at muling nabuhay. Sila ay mga naipanganak muli, nabawtismuhan sa tubig at nailibing kasama ni Kristo sa kanilang pagkabawtismo. (Roma 6:3-4)

“Magsisi kayo at magpabawtismo sa pangalan ni Jesucristo patungkol sa pagpapatawad ng inyong mga kasalanan. At tatanggapin ninyo ang kaloob na Banal na Espiritu (Mga Gawa 2:38)

Hindi sinasaad sa Salita ng Diyos na tayo ay mapupuspusan ng Banal na Espiritu kapag tayo ay nabawtismuhan sa tubig, kahit ito man ang naituro sa atin. Subalit ayon sa Salita ng Diyos, ang Banal na Espiritu ay tatanggapin pa lamang.

Ang mga tao sa Samaria ay naligtas at mga naipanganak muli. Kanilang tinanggap si Kristo sa kanilang buhay, sila ay nabawtismuhan at nanalig kay Kristo. Subalit sila ay hindi pa na puspusan ng Banal na Espiritu sa mga sandaling iyon.

“Nang mabalitaan ng mga apostol na nasa Jerusalem na tinanggap ng Samaria ang Salita ng Diyos, sinugo nila roon sina Pedro at Juan. Nang sila ay makalusong, nanalangin sila para sa kanila upang tanggapin nila ang Banal na Espiritu. Ito ay sapagkat ang Banal na Espiritu ay hindi pa bumababa sa kaninuman sa kanila. Ngunit sila lamang ay nabawtismuhan sa pangalan ng Panginoong Jesus. Ipinatong nila ang kanilang mga kamay sa kanila at tinanggap nila ang Banal na Espiritu. (Acts 8:14-17)

Nanalangin ang mga alagad na matanggap ng mga tao ang Banal na Espiritu. Ayon ditto, hindi Niya tayo pinupuspusan kapag tayo ay nabawtismo sa tubig, spagkat hindi pa Niya pinuspusan yung mga tao noong sila ay nabawtismuhan sa tubig at nanalig sa Diyos. Kung sila ay napuspus na ng Banal na Espiritu sa sandaling sila ay tumanggap kay Kristo, hindi na kailangan na sila ay puntahan ng mga alagad upang patungan ng mga kamay at ipanalangin sila.

Humingi ka at ikaw ay makatatanggap

“Kayo na masasama ay marunong magbigay ng mga mabuting kaloob sa inyong mga anak. Kung ginagawa ninyo ito, gaano pa kaya ang inyong Ama na nasa langit na kaniyang ibibigay ang Banal na Espiritu sa kanila na humihingi sa kaniya?” (Lucas 11:13)

Kailangan natin na tanggapin ang Banal na Espiritu katulad ng ating pagtanggap kay Hesus bilang Panginoon at Tagapagligtas. Kailangan natin na hiingin ang Banal na Espiritu sa Diyos Ama upang:

- pumaloob sa atin ang kapangyarihan ng Diyos at mamuhay ito sa atin,
- ating makamit ang kapangyarihan upang maipahayag ang Kanyang Salita,
- maipatong natin ang ating mga kamay sa mga may sakit at nang sila ay gumaling,
- ating mapalayas ang mga demonyo sa pangalan ni Hesus,
- tayo ay mangagsalita sa ibang mga wika (Marcos 16:15-18)

Kailangan natin na ma puspusan ng Banal na Espiritu upang magawa ang lahat ng mga ito at magampanan ang misyon na ibinigay ni Hesus sa atin na ipahayag ang Kanyang salita. Kailangan natin na hilingin sa Diyos Ama na puspusin tayo ng Banal na Espiritu bago tayo mapuspusan.

“Sapagkat ang Banal na Espiritu ay hindi pa bumababa sa kaninuman sa kanila. Ngunit sila lamang ay nabawtismuhan sa pangalan ng Panginoong Jesus.” (Mga Gawa 8:16) Bagamat sila ay nabawtismuhan sa tubig, hindi pa nila natanggap ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. It ang dahilan kung bakit madaming mga Kristyano ang hindi nakakaranas ng katagumpayan sa kanilang mga buhay. Bagamat sila ay ligtas, wala silang kapangyarihan sapagkat hindi pa sila napupuspusan ng Banal na Espiritu.

“Ipinatong nila ang kanilang mga kamay sa kanila at tinanggap nila ang Banal na Espiritu” (Mga Gawa 8:17)

Ang Pagsasalita sa Ibang Wika ay Katibayan

Bagamat hindi sinaad sa Biblia na tinanggap nila ang kanilang salitang pampanalangin o ang kanilang bagong wika nang sila ay tumanggap sa Banal na Espiritu, ihinahayag din ng Biblia na sila ay nagsimulang magsalita sa ibang wika nang sila ay napuspusan ng Banal na Espiritu. Pagkatapos nilang mapuspusan, sila ay nakatanggap ng bagong wika at ng kakaibang katapangan sa pagpapahayag ng Salita ng Diyos.

“Nakita ni Simon na sa pagpapatong ng kamay ng mga apostol ang Banal na Espiritu ay ibinibigay. Inalok nga niya sila ng kayamanan. Sinabi niya: Ibigay rin ninyo sa akin ang kapangyarihang ito. Sa ganoon, sinumang patungan ko ng kamay ay tatanggap ng Banal na Espiritu” (Mga Gawa 8:18-19)

Siguradong may pisikal na katibayan na nasaksihan si Simon nang matanggap ng mga tao ang Banal na Espiritu. Ang katibayan na ito ay ang kannilang pag sasalita sa mga ibang wika. Napuspusan sila ng Banal na Espiritu nang sila ay pinatungan ng kamay ng mga alagad at sila ay nagsalita sa ibang mga wika. Hindi pumasakanila ang Banal na Espiritu nang sila ay nabawtismuhan sa tubig.

“Samantalang nagsasalita pa si Pedro, bumaba ang Banal na Espiritu sa lahat ng nakikinig ng salita. Ang lahat ng mga mananampalatayang nasa pagtutuli na kasama ni Pedro ay namangha sapagkat ibinuhos din naman sa mga Gentil ang kaloob na Banal na Espiritu. Nalaman nila ito dahil narinig nila ang mga ito na nagsasalita ng mga wika at nagpupuri sa Diyos. Nang magkagayon ay sumagot si Pedro: Maipagbabawal ba ng sinuman ang paggamit ng tubig upang mabawtismuhan itong mga tumanggap ng Banal na Espiritu na gaya naman natin? Inutusan niya sila na magpabawtismo sa pangalan ng Panginoon. Pagkatapos nito hiniling nila sa kaniya na manatili ng mga ilang araw. (Acts 10:44-48)

Nang mapuspusan ng Banal na Espiritu ang mga tao sa bahay ni Cornelio, sila ay nagsalita sa mga ibang wika at nagpuri sa Diyos. Ayon dito, sila ay napuspusan ng Banal na Espiritu pagkatapos nilang marinig ang salita ng Diyos at bago pa man sila mabawtismuhan sa tubig. Hindi akalain ng mga Judio na ang Banal na Espiritu ay para din sa mga Gentil.

“Nangyari, na samantalang si Apollos ay nasa Corinto, tinahak ni Pablo ang daan sa hilaga at dumating sa Efeso. Nakasumpong siya roon ng ilang alagad. Sinabi niya sa kanila: Tinanggap ba ninyo ang Banal na Espiritu nang sumampalataya kayo? Sinabi nila sa kaniya: Hindi man lang namin narinig na may Banal na Espiritu. Sinabi niya: Kung gayon, anong bawtismo ang tinanggap ninyo? Sinabi nila: Ang bawtismo ni Juan. Sinabi ni Pablo: Nagbawtismo nga si Juan ng bawtismo ng pagsisisi. Sinabi niya sa mga tao na sila ay dapat sumampalataya sa kaniya na darating sa hulihan niya, samakatuwid ay si Jesus na siyang Mesiyas. Nang ito ay marinig ng mga taga-Efeso, sila ay nabawtismuhan sa pangalan ng Panginoong Jesus. Nang ipinatong ni Pablo ang kaniyang mga kamay sa kanila, bumaba sa kanila ang Banal na Espiritu. Sila ay nagsalita ng mga wika at naghayag ng salita ng Diyos.” (Acts 19:1-6)

Kinilala ni Pablo na ligtas na ang mga taong ito. Subalit tinanong niya sila, *“Tinanggap ba ninyo ang Banal na Espiritu nang sumampalataya kayo?”* At sinabi nila sa kanya, *“Hindi man lang namin narinig na may Banal na Espiritu”*. Madaming mga tao ngayon ang nakarinig tungkol sa Banal na Espiritu, subalit hindi nila alam kung paano Siya kumikilos sa buhay ng isang mananampalataya. Narinig nila ang tungkol sa kaligtasan. Alam nila na sila ay ligtas ayon sa Salita ng Diyos kay Kristo Hesus. Subalit hindi nila alam ang tungkol sa kasaganaan na hated ng Banal na Espiritu, tulad ng nangyari sa mga taga Efeso.

Nabawtismuhan na yung mga tao kay Kristo. Pagkatapos nito ay pinatungan sila ni Pablo ng kanyang mga kamay at napuspusan sila ng Banal na Espiritu. Tumanggap sila at nangagsalita sa ibang wika.

“Lumakad nga si Ananias. Pumasok siya sa bahay upang ipatong kay Saulo ang kaniyang mga kamay na sinabi: Kapatid na Saulo, ang Panginoon, ang nagsugo sa akin. Siya ay si Jesus na nagpakita sa iyo sa daang iyong pinanggalingan. Sinugo niya ako upang tanggapin mo ang iyong paningin at mapuspos ka ng Banal na Espiritu.”¹⁸ Agad-agad na nangalaglag mula sa kaniyang mga mata ang mga parang kaliskis. Natanggap niya kaagad ang kaniyang mga paningin. Siya ay tumayo at binawtismuhan (Mga Gawa 9:17-18)

Si Pablo ay napalakas nang tanggapin niya ang Banal na Espiritu upang magampanan niya ang kanyang paglilingkod sa Diyos. Bagamat lahat tayo ay dapat na maglingkod sa Diyos, hindi tayo mapapalakas tulad ni Pablo kung hindi tayo napuspusan ng Banal na Espiritu.

“Nagpapasalamat ako sa aking Diyos na ako ay nakapagsasalita ng ibang wika nang higit sa inyong lahat.” (1 Korinto 14:18)

Ayon kay Pablo, napuspusan siya ng Banal na Espiritu nang patungan siya ng mga kamay ni Ananias at siya ay nagsalita sa ibang wika. Lahat ng tao na napupuspusan ng Banal na Espiritu ay nakakapag salita sa ibang wika.

Ano ang nangyayari kapag tayo ay nanalangin sa Banal na Espiritu?

- *“Ito ay sapagkat siya na nagsasalita ng ibang wika ay nagsasalita hindi sa mga tao kundi sa Diyos, dahil walang nakakaunawa sa kaniya. Ngunit sa espiritu, siya ay nakakapagsalita ng mga hiwaga (1 Korinto 14:2)*
- *Ito ay sapagkat kung ako ay nananalangin sa ibang wika, ang espiritu ko ay nananalangin ngunit ang aking pang-unawa ay walang bunga. (1 Korinto 14:14)*
- *Ang nagsasalita ng ibang wika ay nagpapatatag sa sarili niya. Ngunit ang naghahayag ay nagpapatatag sa iglesia (1 Korinto 14:4)*
- *Gayong paraan, ang Espiritu rin ay kasamang tumutulong sa ating mga kahinaan sapagkat hindi natin alam kung ano ang kinakailangan nating ipanalangin. Subalit ang Espiritu mismo ang siyang namamagitan para sa atin na may pagdaing na hindi kayang ipahayag ng salita. Siya na sumusuri sa mga puso ang siyang nakakaalam ng kaisipan ng Espiritu sapagkat ang Espiritu ay namamagitan para sa mga banal ayon sa kalooban ng Diyos. (Roma 8:26-27)*
- *“Ngunit kayo, mga minamahal, patatagin ninyo ang inyong sarili sa napakabanal na pananampalatya. Manalangin kayo sa pamamagitan ng Banal na Espiritu (Judas 1:20)*

Kapag tayo ay napuspusan na ng Banal na Espiritu, maari na tayong manalangin sa ibang wika. Kapag ginawa natin ito, tayo ay nananalangin ng direkta sa Diyos mula sa ating espiritu. Sapagkat ang ating kaisipan ay nilalampasan, tayo ay nananalangin sa ganap na papuri at ganap na panalangin sa ating Diyos Ama mula sa ating espiritu na hindi nauubos. (1 Pedro 1:23)

Kapag tayo ay nasa mga kalagayan na hindi natin malaman kung paano ang manalangin, ang Banal na Espiritu ang mamamagitan para sa atin habang tayo ay nananalangin sa ibang wika. Sapagkat ang Banal na Espiritu ay hindi makapagsambit, tayo ang magsasalita sa ibang wika habang Siya ang nangunguna, at ang ating mga nasasambit ay mula sa Espiritu at ayon sa layunin ng Diyos para sa atin. Kaya nga *“...ang lahat ng mga bagay ay magkakalakip-lakip na gumagawa para sa kabutihan nila na mga umiibig sa Diyos, sa kanila na mga tinawag ng Diyos ayon sa kaniyang layunin.” (Roma 8:28)*

Ayon sa Diyos, kapag tayo ay nananalangin sa ibang wika, napapagtibay natin ang ating mga sarili. Itantaguyod natin ang ating mga banal na pananalig. Ang ating pagpupuri ay mabubuhay! Tulad ng isang baterya na napupunuan ng kuryente, tayo din ay mapupunuan kapag nanalangin tayo sa ibang wika. At kapag nangailangan tayo ng kapangyarihan, mayroon tayong magagmit.

Paano ba ang tumanggap?

Ako mismo ay madaming mga katanungan tungkol sa Banal na Espiritu at sa pagsasalita ng ibang wika. Ang itinuro sa akin mula sa pagkabata ay napuspusan na ako ng Banal na Espiritu noong ako ay na bawtismuhan. Subalit, sa aking pananahan sa Salita ng Diyos, sinabi ni Hesus na kailangan na hilingin mula sa Ama ang mapuspusan ng Banal na Espiritu (Lucas 11:13). Kaya sinunod ko ang utos na ito at hiniling ko sa Ama na puspusan Niya ako. Ako ay pinuspusan ng Banal na Espiritu ayon sa Salita ng Diyos at ayon sa Kanyang pangako (Lucas 11:13), *“Humingi kayo at iyon ay ibibigay sa inyo...” (Lucas 11:9) --- “Anumang mga bagay ang hingin ninyo sa pananalangin, manalig kayo na ito ay inyong nakamtam at ito ay mapapasainyo” (Mark 11:24.)* Alam ko na napuspusan na ako ng Banal na Espiritu. Subalit hindi ko nalaman, at hindi din naman naituro sa akin, na ako pala ay maari nang makapag salita ng ibang mga wika. Dahil ditto, hindi pa ako nakapagsalita ng ibang mga wika; hindi dahil hindi ko ito kaya, bagkus dahil hindi ko alam na ibinigay nap ala sa akin ng Diyos ang aking bagong wika nang ako ay napuspusan ng Banal na Espiritu.

Bagamat may kakayanan na akong makapagsalita ng ibang mga wika, hindi ko alam kung paano ito pakawalan. Walang nagturo sa akin na bigkasin ito. Ako ay naupo na nakatikom ang aking bibig, naghihintay na magbukas ang kalangitan. At sa sandaling iyon, bumukas ang aking bibig at nakapagsasalita na ako ng ibang mga wika, tulad ng sinasaad sa Salita ng Diyos.

Ang akala ko nung una ay dahil hindi ako binigyan ng Diyos ng ibang wika ay hindi Niya niloob na kakailanganin ko ito.

Ako pala ay namumuhay sa sariling espiritual na kayabangan at kamangmangan, hanggang dumating ang araw na may udyok mula sa aking espiritu na mas lumalim pa ang aking pakikiniig sa Diyos. Kaya ako ay nagsaliksik sa Salita ng Diyos at hinanap ko ang mga tao na dalisay na sumasamba sa Diyos. Akin ding hinanap kung saan kumikilos ng malaya ang katagumpayan at kapangyarihan ng Diyos.

Akala ko ay ang Banal na Espiritu ang mamamahala sa aking dila upang makapagsalita ako ng ibang mga wika, subalit hindi ito ginawa ng Banal na Espiritu! Ang aking natutunan ay ako mismo ang mamamahala sa aking dila, habang ang udyok ay nagmumula sa Banal na Espiritu (Gawa 2:4).

Tulad ko, madami ding mga mananampalataya na ang akala ay hindi para sa kanila ang pagsasalita ng ibang mga wika kahit sila ay napuspusan na ng Banal na Espiritu. Ganito din ako noon sa aking kamangmangan. May iba pa nga na mga tao na naniniwala na ang pagsasalita sa ibang wika ay hindi na angkop sa panahon ngayon. Kaya ang tanong ko ay: Ang muling pagkabuhay ba ay hindi angkop sa panahon ngayon? Kung si Hesu Kristo ay Siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman – at kung hindi lumilipas ang Kanyang salita --- ibig sabihin ang mga pangako at pag kilos ng Kanyang Espiritu sa bagong tipan ay kumikilos pa rin hanggang sa panahon natin ngayon. Hindi tama na paniwalaan natin ang ibang salita ng Diyos subalit hindi naman paniniwalaan ang iba pa Niyang mga salita. Hindi nagbago ang pamamaraan ng Panginoon sa Kanyang Espiritu para sa Kaniyang iglesia hanggang sa muling pagbabalik ni Kristo.

Wikang Pampanalangin at ang Kaloob sa Propesyon ng Ministerio

Ako ay nagalak para sa mga taong nakakapagsalita ng ibang wika, subalit ang akala ko ay hindi ito para sa lahat. At ang madalas na talata na aking ginagamit ay, “*At itinalaga ng Diyos ang ilan sa iglesia. Una ay ang mga apostol, pangalawa ang mga propeta at pangatlo ang mga guro. Kasunod nito ang mga gumagawa ng himala, pagkatapos ay ang mga kaloob ng pagpapagaling at saka ang pagtulong. Inilagay din ang pamamahala at iba't ibang uri ng wika. Ang lahat ba ay mga apostol? Lahat ba ay mga propeta? Lahat ba ay mga guro? Ang lahat ba ay gumagawa ng mga himala? Lahat ba ay may kaloob ng pagpapagaling? Lahat ba ay nagsasalita ng mga wika? Lahat ba ay nagpapaliwanag ng mga wika?*” (1 Korinto 12:28-30)

Bagamat totoo na hindi lahat tayo ay maglilingkod sa iglesia ng Diyos sa pamamagitan ng mga kaloob na ito, ang ating paglilingkod ay nakasalalay sa Banal na Espiritu. Subalit ipinahayag ng Diyos sa akin ang pagkakaiba ng mga kaloob na ito mula sa pananalangin sa ibang wika. Ayon sa 1 Korinto 14:4, ang pananalangin sa ibang wika ay nakakapagpatatag sa kaniyang sarili, at hindi sa buong iglesia. Ang mga kaloob ay para sa ikakatatag ng buong iglesia.

Isang araw habang ako ay nananahan sa Panginoon, ipinahayag din Niiya sa akin ito: “...*sa isa ay ibinigay ang salita ng karunungan. Sa isa ay ibinigay ang salita ng kaalaman sa pamamagitan ng iisang Espiritu...*” (1 Korinto 12:8-9). Tinanong ko ang Diyos, “Ano ang kinalaman nitong talata sa aking pananalangin sa ibang wika? Ipinahayag sa akin ng Diyos na ibinigay Niya sa ating lahat ang sapat na biyaya upang tanggapin si Hesus at maligtas (Roma 12:3). Tayong lahat ay mayroong sapat na pananampalataya upang maligtas at kalugdan ng Diyos (Efeso 2:8-9, Hebreo 11:6). Subalit nakasulat din na ang Banal na Espiritu ay bagbibigay ng pananampalataya para sa iilan lamang (1 Korinto 12:9). Ang kaloob na ito ng pananampalataya ay isang espesyal na pagsasalin mula sa Diyos na higit pa sa pananampalataya na ibinigay sa ating lahat. Saka ko lamang naunawaan.

Sa ganitong paraan, ibinigay ng Diyos ang kakayanang manalangin sa ibang mga wika sa ating lahat na mananampalataya na tumanggap sa Banal na Espiritu. Subalit ito ay naiiba sa kaloob na ibang wika na tinutukoy sa 1 Korinto 12:28-30 na kung saan hindi lahat ng mananampalataya ay binibigyan. Ayon sa aklat ng mga Gawa, lahat ng tumanggap sa Banal na Espiritu ay nakakapagsalita ng ibang mga wika. Kaya maging ako ay pinalaya ng Diyos at nakapagsalita sa ibang wika tulad ng nakasaad sa aklat ng mga Gawa. Mula noon, akin din nalaman na ang bawat mananampalataya na papatungan ng ating kamay upang mapuspusan ng Banal na Espiritu ay makakapagsalita din ng ibang mga wika upang purihin ang Diyos at patatagin ang kaniyang sarili sa napaka banal na pananampalataya. (Judas 20)

Ang pananalangin sa ibang wika (sa Banal na Espiritu) ang magliliyab sa ating pananampalataya na ipinagkaloob sa atin ng Diyos ayon sa Kaniyang salita. Ang pananalangin sa ibang wika ay hindi makadadagdag sa ating pananampalataya, subalit ipinagliliyab nito ang ating pananampalataya sa salita ng Diyos. Habang tayo ay nananahan sa Kaniyang salita at nananalangin sa Banal na Espiritu, tayo ay pinalalakas ng Diyos at nagtatagumpay sa laban ng buhay.

Pinalalakas Niya

Noong mapuspusan ng Banal na Espiritu ang mga tao sa aklat ng Gawa, sila ay “nagliyab”. Walang makapigil sa kanilang pagpapahayag ng salita ng Diyos. Bagamat sila ay inuusig dahil sa kanilang pananampalataya, hindi mapigilan ang kanilang katapangan. Ang apoy ng Banal na Espiritu ay nagliliyab sa kanilang kalooban. Sila ay nagpuri at sumamba sa Diyos kahit na sila pa ay ipinapakain sa mga leon. Sila ay may kapayapaan, kagalakan, at pag ibig.

Hindi ordinaryo ang may ganoong katapangan... sila ay napuspusan ng Banal na Espiritu. Ano man ang ating dinaraan, magtatagumpay tayo sa pamamagitan ng Diyos. Magtaka man ang ibang tao sa ating katagumpayan, ang Banal na Espiritu ang magtatawid at magpapalakas sa atin.

Upang tayo ay maligtas, kinakailangan tayo ay magsisi, manampalataya kay Kristo (Roma 10:9-10), at ma bawtismuhan (Gawa 2:38). Upang mapalakas ng Diyos, kinakailangan tayo ay mapuspusan ng Banal na Espiritu. Kaya tinanong ng mga apostol ang mga tao, “Inyo bang tinanggap ang Banal na Espiritu?” Nais ng Diyos na ibigay sa atin ang Kaniyang kaloob, upang ang Kaniyang kapangyarihan ay mapa sa atin at maabot ang ibang mga tao.

“Sinabi niya sa kanila: Humayo kayo sa buong sanlibutan. Ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng nilikha. Ang sinumang sumampalataya at mabawtismuhan ay maliligtas. Ang sinumang hindi sumampalataya ay hahatulan. Sa mga sumasampalataya ay susunod ang mga tandang ito: Palalabasin nila ang mga demonyo sa aking pangalan. Makakapagsalita sila ng mga bagong wika. Makakadampot sila ng mga ahas. Kapag uminom sila ng anumang bagay na nakakamatay, hindi sila mapipinsala niyaon sa anumang paraan. Ipatatong nila ang kanilang kamay sa may mga karamdaman at bubuti sila” (Marcos 16:15-18.) Sa kapangyarihan ng pangalan ni Hesus, ang mga himalang ito ay susunod sa lahat ng mga mananampalataya, at ang mga kaloob na tinutukoy sa 1 Korinto 12 ay magaganap din sa ating mga buhay.

“Subalit tatanggap kayo ng kapangyarihan kapag dumating na sa inyo ang Banal na Espiritu. Kayo ay magiging mga patotoo sa akin sa Jerusalem, sa buong Judea, sa Samaria at sa pinakamalayong bahagi ng lupa” (Acts 1:8)

Tayo ay niligtas at pinalakas ng Banal na Espiritu, hindi lamang para tumanggap ng mga pagpapala mula sa Diyos, bagkus upang magampanan ang pagtawag ng Diyos sa bawat isa sa atin. Ating maipapamahagi ang salita ng Diyos at ang Kaniyang kalooban sa mga tao.

Minsan bago ako dumalo sa pagtitipon, sinabihan ako ng Diyos, “Nais ng aking mga anak na maging katulad ko. Nais nilang maging mapagmahal, mabuti, masaya, mapayapa at iba pa. Subalit kung talagang ninanais nila ito, kailang sila ay kumilos ayon sa mga kaloob ng Banal na Espiritu, tulad Ko.”

Ang mga bunga ng Banal na Espiritu ay para sa kabanalan ng ating buhay. Ang mga ito ay kasama sa ating muling kapanakan sa Diyos at sa pagsunod sa Salita ng Diyos. Ang mga kaloob ng Banal na Espiritu ay para mapalakas tayo sa pagsunod natin sa Diyos, at mapapa sa atin lamang ang mga ito kapag tayo ay napuspusan ng Banal na Espiritu.

Bakit kailangan ang Pananalangin sa Ibang Wika?

1. Patotoo ng kapuspusan ng Banal na Espiritu (Gawa 2:4, 10:46)
2. Ito ay tanda ng presensya ng Banal na Espiritu (Juan 14:16-17)
3. Ito ay nakakapagpatatag sa pamamagitan ng pakikipag usap sa Diyos. (1 Korinto 14:2)
4. Ito ay nagpapalakas sa ating pananampalataya (Judas 20)
5. Upang maipanalangin ang mga nalalaman at hindi nalalaman ayon sa ganap na kalooban ng Diyos (Roma 8:26-28)
6. Upang mapigilan ang ating mga dila mula sa karumihan ng mundo habang nananalangin tayo sa Diyos (1 Korinto 14:2), Santiago 3:1-8)
7. Upang makapagpa salamat at sumamba sa Diyos sa ating Espiritu (1 Korinto 14:15-17, Juan 4:24)
8. Upang tayo ay makapagpahinga sa Diyos (Isaias 28:11-12)
9. Upang matalo ang kaaway sa pamamagitan ng panalangin at pagpapakawala ng mga kaloob ng Banal na Espiritu (Efeso 6:18, Roma 8:26-28, 1 Korinto 14:2)
10. Upang tayo ay maging mas matalas sa udyok ng Banal na Espiritu (Roma 8:14, 26-28)

PANALANGING PAGTANGGAP SA BANAL NA ESPIRITU

Diyos Ama, sa pangalan ni Hesus,
Inaamin ko si Kristo bilang Panginoon at tagapagligtas,
Ako ay nananampalataya na si Kristo ay bumangon mula sa kamatayan.
Ako ay nananampalataya na si Hesu Kristo ay anak ng Diyos – Salamat at ginawa mo akong anak din ng Diyos.
Aking itinatakwil si satanas at ang lahat ng kaniyang mga Gawain
Ayon sa Iyong salita at pangako, kapag hiningi ko ang Banal na Espiritu, ito ay ibibigay mo sa akin at ako ay makakapag salita ng ibang mga wika (Lucas 11:13)
Akin ngayon hinihiling ang iyong Banal na Espiritu upang ako ay makapagsalita ng ibang mga wika.
Salamat , Panginoon, at ibinigay mo ito sa akin.
Sa pangalan ni Hesus, Amen

Karagdagang mga Payo

Kung ikaw ay nanalangin, ayon sa salita ng Diyos at sa Kaniyang mga pangako, ikaw ay napuspusan na ng Banal na Espiritu at makakapag salita ka na sa ibang mga wika. Ituon mo lamang ang iyong isip kay Kristo. Purihin mo Siya. Buksan mo ang iyong bibig at huwag kang magsalita sa iyong wika. Bumigkas ka nga mga ibang kataga, at ang Banal na Espiritu ang magbibigay ng mga ibang wika sa iyong bibig. Ito ay walang katulad na wika na nauunawaan ng iyong kaisipan, kaya huwag kang papayag na balewalain ito ng iyong kaisipan. Ito ay pagpapala mula sa Diyos. Huwag mong buuin ang mga salita sa iyong isip sapagkat hindi ka nananalangin mula sa iyong kaisipan bagkus mula sa iyong espiritu. Isipin mo lang si Hesus at purihin mo Siya. Ipagpatuloy mo ang pananalangin sa Espiritu sa bawat araw. Habang nagpapatuloy ka, mas lalong lalawig ang mga salita ng Espiritu sa iyong bibig. Ngayon ay maaari mo nang sambahin ang Diyos sa espiritu at katotohanan.

© 1987, Dr. Randy Brodhagen, Glory To God Ministries International™,
all rights reserved, used by permission.